



Gabay sa Nagparitual sa Swerte (Tanggap Malas)

Congrats sa pagpaparitual mo sa swerte. Narito ang ilang bagay na maganda mong malaman. Ang kamalasan natin sa ngayong buhay ay dulot sa nagawa nating kasalanan sa buhay na ito o sa mga mas nauna pang reincarnation.

Ito ang ilang tips para sa patuloy na pagtanggap ng malas at pag-angat ng swerte mo. Ang swerteng dala ng ritual namin ay ang pagtulong sa tao na umangat sa makatarungang paraan. Ibig sabihin ay kailangan mo pa din magsikap sa tamang negosyo o trabaho tapos gamitin sa maayos na paraan ang pera para ito ay lumago at manatili kesa maubos lang agad.

Ang pagsunod sa mga gabay na ito ay makakatulong sa yo na mas bumilis ang pagbalik ng swerte mo sa buhay.

1. Wag ka magnakaw

Maaaring makakuha ng ganansya sa ngayong panahon pero babalik din ito sa yo sa malas. Sa dating buhay mo nga ay may nagawa kang masama na kaugnay din sa pera kaya nagdurusa ka ngayon. So wag mo na ulitin.

2. Wag magsugal

Ang pagsusugal ay pakikipagsapalaran sa tadhana at maraming nagiging disgrasya diyan dahil nga ang mga tao ay hindi tanggap ang pagkatalo kaya ma-addict sa pagsugal o di kaya magsusugal na ng perang hindi naman na sa kanila. Dagdag pa nito ay ang pakikipag-away o pakikipagpatayan sa kalaro sa sugal dahil nga di matanggap ang pagkatalo. Marami ding bisyo na kasabay nito na makakahina sa enerhiya. Masasayang ang swerte na para sa makatarungang trabaho o negosyo kung magsugal ka kasi masusumpaan mo ito. Babalik ang malas mo sa buhay.

3. Palaging magdasal

Gamitin mo ang Gabay sa Pagdasal sa pagdasal sa araw at gabi. Ang lahat ng swerte natin ay nanggagaling sa Panginoon kaya dapat lang ay magdasal tayo palagi sa kanya. Ipagdasal mo na dumating ang mga grasya sa buhay.

4. Maging tapat sa trabaho

Wag ka mandaya at manlamang. Gawin mo ang tama ayon sa inaasahan sa trabaho mo. Maging tapat ka sa boss, empleyado, supplier, customer at iba pang mga kasama sa kabuhayan. Ang pagiging tapat mo sa ibang tao ay ang susi para maging mas maayos ang swerte mo.

5. Mag-ingat sa panlalamang

Gayunpaman, hindi ka manlalamang pero wag ka din magpalamang o magpa-abuso. Mag-ingat ka sa mga oportunistang walang konsensya. Maging mabait ka at mabuti pero wag ka magtiwala agad sa hindi mo pa nasusubukan.

6. Magsipag ka sa trabaho

Magtrabaho ka ng husto. Sa lahat ng panahon na para sa trabaho mo, magpokus ka ng mabuti. Hindi pwedeng walang pagsisipag sa buhay kung gusto nating umangat. Walang pag-iwas dito. Isasabay lang natin ang swerte na dulot ng pagtanggap sa kamalasan sa ritual. Para kung may dumating na grasya, hindi basta-basta lang mawala. Hindi pwedeng nakatunganga lang tayo na walang ginagawa tapos umasa tayong may magandang mangyari sa atin. Kailangan natin ng magpapawis sa mahusay na trabaho.

7. Wag ka maglotto.

Ang swerte nating aasahan ay ang swerte para sa maayos na trabaho o negosyo, hindi sa lotto. Masasayang ang swerte na para sa makatarungang trabaho o negosyo kung maglotto ka kasi masusumpaan mo ito. Babalik ang malas mo sa buhay.

8. Manatiling mahinahon at maghintay

Dahan-dahan matatanggal ang kamalasan mo sa buhay basta tuloy ka sa mga sinasabi kong instructions dito. Hindi ito instant, pero may makikita kang paunang resulta hanggang mapansin mong nagbago na ang buhay mo.

9. Magpasalamat sa mga biyaya

Bilangin mo ang mga biyaya mo at pagpasalamatan. Kahit ano ang sitwasyon natin sa buhay, mayroon pa din tayong mga biyayang pwedeng pagpasalamatan. Isulat natin ang mga ito sa isang papel at tanungin sarili natin: Ano ang pakiramdam kung wala itong mga ito sa akin? Tapos balikan mo ang

sitwasyon sa ngayon na mayroon kang ganyan. Mas mapapahalagahan mo ano ang mga biyayang nasa yo.

10. Mag-aral kung paano mas maging mahusay.

Ang ating mga natatanggap na pera sa trabaho o negosyo ay dulot sa produkto o serbisyong naibibigay natin sa mga tao para solusyonan ang kanilang mga problema. Kung mas galingan natin ang ating paggawa ng solusyon sa mga problema, mas magiging mahalaga ang ambag natin sa buhay. Kung kaya't mas mabibigyan tayo ng swerte at kayamanan kapalit sa anong binigay natin.

11. Pag-isipan ng mabuti ang kabuhayan mo

Minsan ang pinili nating mga kabuhayan ay ang hadlang din sa ating pag-angat. Minsan kailangan lang din natin lumipat ng amo, trabaho o linya ng kabuhayan kung saan mas mapapahalagahan tayo sa mga kakayahan natin. Pag-isipan mo kung ano ang pwede mo gawing kabuhayan na pinakapahalagahan ka para sa mga kakayahan mo.

12. Wag ka magpautang basta-basta

May mga tao na nababaon sa kahirapan dahil nagpapautang sila basta-basta at iniisip na babalik din sa kanila ang pera. Kung magpapautang ka, handa mo sarili mo na maaaring mawala na ang pera na yan sa yo at hindi na babalik. Mapapaisip ka kung handa ka ba talaga magpautang o hindi.

13. Focus ka lang sa sarili mong pagpapayaman muna

Wag ka mag-isip na magtulong sa iba sa paraan ng pagbigay ng pera. Payamanin mo muna ang sarili mo at punuin para sumobra sa sarili mong pangangailangan ang kayamanan mo. Saka ka na magtulong sa iba kung umaapaw ka na sa grasya. Wag ka mag-alala kasi kusang darating yan kung handa ka na.

Tapos hindi lang bigay ng pera na walang kapalit kadalasan ang maayos. Mas magandang paraan ay magbigay ka ng trabaho sa mga tao para hindi lang sila aasa na mabigyan ng walang pinaghirapan. Naghirap ka din sa kayamanan mo, kaya tama lang na maghirap din ang iba sa kayamanan nila.

Kailangan mo gawin ito para hindi mo din makuha ang kamalasan ng ibang tao.